DepEd Advisory No. 273, s. 2014
July 1, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGPAPAYAMAN NG WIKANG FILIPINO

Ang Filipinas Institute of Translation Inc. (FIT), sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), National Commission for Culture and the Arts (NCCA), at UP Kolehiyo ng Arte at Literatura (UPKAL), ay nagtataguyod ng *Pambansang Kumperensiya sa Pagpapayaman ng Wikang Filipino* na may temang *Wika ng Kahandaan, Kahandaan sa Wika* at *Sawikaan 2014: Pagpili ng Salita ng Taon* na gaganapin mula Setyembre 25 hanggang 27, 2014 sa Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

Pangunahing layunin ng Kumperensiya ay ang matalakay ang namayaning mga salita na pumasok sa diskursong Filipino sa loob ng isang taon sa pamamagitan ng Sawikain gayundin ang gamit at kahalagahan ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan gaya ng *social media*, paghahanda sa kalamidad, at edukasyong pangkultura. Ang espesipikong layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. mapalawak ang kaalaman hinggil sa ilang paraan ng pagpapayaman sa wikang Filipino, gaya ng paglikha at neolohismo, at panghihiram ng ibang wika;
2. matalakay ang mga puwersang humuhubog sa makabagong Filipino gaya ng edukasyon, social media, teknolohiya, politika, medisina, batas, agham, at iba pa;
3. makapagpanukala ng mga bagong salita na umiiral ngayon sa korpus ng wikang Filipino at/o ng mga bagong pakahulugan sa mga dating salita na nasa diksiyunaryo sa pamamagitan ng patimpalak na Sawikaan; at
4. makapagmungkahi ng makabago at inter-aktibong paraan ng pagtuturo ng wika sa klase sa pamamagitan ng pakitang-turo (demo-teaching).

Ang mga tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa mga pampubliko at pribadong paaralan ang imbitadong dumalo sa kumperensiyang ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman maaaring tumawag kay:

Dr. Edgar C. Samar
Direktor ng Kumperensiya
Silid 2082, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura
Faculty Center, UP Diliman, Quezon City
Telepono Blg.: (02) 547-1860
Telefax Blg.: (02) 981-8500
Mobile Phone Blg.: 0925-710-2841
Email Address: filipinas.translation@gmail.com
Website Address: www.fit.org.ph